



Tagalog

MINISTRY OF EDUCATION

*Te Tāhuhu o te Mātauranga*

# NATIONAL STANDARDS sa pagbabasa, pagsusulat at matematika

Gaano kahusay ang  
aking anak sa paaralan?



## Ano ang National Standards?

Simula 2010, ang lahat ng mga paaralan na may mga mag-aaral na nasa Years 1–8 ay gagamit ng National Standards sa pagbabasa, pagsusulat at matematika.

Binuo ang mga pamantayan ng Ministry of Education at mga dalubhasa sa paksa. Inilarawan ng mga pamantayan kung ano ang inaasahan na magawa sa pagbabasa, pagsusulat at matematika sa Years 1–8 para sa mga mag-aaral na likas na nagsasalita ng Ingles.

### Kung hindi Ingles ang unang wikang ginagamit ng inyong anak

Kung ang inyong anak ay isang bagong mag-aaral ng Ingles, maaaring magpasya ang paaralan na maaaring mas patas na mag-ulat sa iyo na gamit ang The English Language Learning Progressions para sa unang dalawa o tatlong taon.

Iuulat ng inyong paaralan ang progreso at nakamit ng inyong anak kaugnay sa National Standards sa Pagbabasa, Pagsusulat at Matematika. Upang ipaalam sa inyo ang progreso ng inyong anak sa pagkatuto ng Ingles bilang karagdagang wika maaari ring magpasiya ang paaralan na mag-ulat sa inyo gamit ang English Language Learning Progressions.

Inilalarawan ng The Progressions ang pagbabasa, pagsusulat, at ang inaasahang pagsasalita at pakikinig para sa mga batang bagong mag-aaral ng Ingles. Nakakatulong din ang mga ito sa guro ng inyong anak na magbigay ng isang naaangkop na programa sa

pagtuturo at pagkatuto upang tulungan ang inyong anak na matuto ng Ingles.

## **Bakit ipinapakilala ang mga ito?**

Nagbibigay ang mga pamantayan ng malinaw na ideya sa mga guro, sa inyong anak at sa inyo kung gaano kahusay ang inyong anak sa pagbabasa, pagsusulat at matematika, at kung ano ang kanyang susunod na gagawin sa kanyang pag-aaral.

Ang pagiging mahusay sa pagbabasa, pagsusulat at matematika ay magbibigay sa inyong anak ng mga kasanayan at kaalaman na kanyang kakailanganin sa ngayon. Ang pagsusumikap para sa o higit pa sa mga pamantayan sa taong 1-8 ay nangangahulugan na ang inyong anak ay nasa wastong landas na tapusin ang sekondaryang pag-aaral na may sulit na bisang kwalipikasyon – NCEA level 2 o kapareho.

## **Ang mga pamantayan sa pagbabasa , pagsusulat at matematika ay ginagamit ng mga guro upang:**

- magplano at ituro kung ano ang kailangang matutunan ng inyong anak sa pagbabasa, pagsusulat at matematika sa lahat ng mga paksa sa kurikulum
- pagsumikapan kung gaano kahusay ang inyong anak sa kanyang pagkatuto
- pagsumikapan ang susunod na pagkatuto ng inyong anak at magtakda ng mga layunin para sa pagkatuto, kasama ka at ang inyong anak
- malinaw na maiulat sa inyo nang hindi bababa sa dalawang beses sa isang taon angpag-unlad at pagkatuto ng inyong anak na may kinalaman sa mga pamantayan.

## **Mayroon bang isang pambansang pagsusulit?**

Wala.

## Paano malalaman ng guro kung gaano kahusay ang inyong anak sa kanyang pagkatuto?

Magpapatuloy ang guro na gumamit ng iba't ibang mga paraan upang malaman kung gaano kahusay ang inyong anak sa pagbabasa, pagsusulat at matematika. Kabilang dito ang:

- paggamit ng hanay ng mga formal na pagsusulit/ mga pagtatasa
- pagsubaybay sa gawain ng inyong anak sa loob ng silid-aralan
- pakikipag-usap sa inyong anak tungkol sa kanyang pagkatuto
- sa pagtantiya ng kanyang sariling gawain at lahat ng mga mag-aaral na magtantiya ng gawa ng bawat isa.

Ang ilang mga bata o mag-aaral ay maaaring mangangailangan pa ng karagdagang oras at suporta upang makamit ang inaasahang pamantayan. Makikipagtulungan ang guro sa inyo at sa inyong anak upang matulungan sya na makamit ang kanyang susunod na mga layunin sa pagkatuto.



## Pakikipagtulungan sa guro ng iyong anak

Mayroon kang mahalagang papel na gagampanan sa pagkatuto ng iyong anak.

Ang pagkakaroon ng magandang pakikipag-ugnayan sa guro ng iyong anak, malinaw na pag-unawa sa kahusayan ng iyong anak, at pakikipagtulungan upang suportahan ang pagkatuto ng iyong anak ay makakatulong sa kanya na magawa ang kanyang pinakamahusay.

## Mga maaari mong itanong sa guro

- Gaano kahusay ang aking anak sa paaralan?
- Ano ang nagagawa niya nang mahusay?
- Anong tulong ang kanyang kailangan?
- Ano ang kanyang susunod na pag-aaralan?
- Ano ang kailangan mong malaman tungkol sa aking anak upang makatulong sa kanya sa silid-aralan?
- Paano susuportahan ng paaralan ang aking anak?
- Ano ang maaari kong gawin upang tulungang makapag-aral ang aking anak sa bahay?
- Ano ang pinakamahusay na paraan upang panatilihin ng nakasubaybay kung ano ang ginagawa ng aking anak?

# Gusto mo bang malaman ang higit pa tungkol sa National Standards o pag-uulat?

- Makipag-usap sa mga guro ng inyong anak
- Bisitahin ang website para sa magulang ng Ministry of Education at i-click ang link na National Standards – **[www.minedu.govt.nz/Parents](http://www.minedu.govt.nz/Parents)**  
Kabilang din sa site ang impormasyon tungkol sa:
  - pagkatuto ng Ingles bilang pangalawang wika
  - mga bata o mag-aaral na maykapansanan sa pagkatuto.
- Basahin ang mga pamantayan sa – **[www.nzcurriculum.tki.org.nz/National-Standards](http://www.nzcurriculum.tki.org.nz/National-Standards)**



Copies of this leaflet (item number 700081) are free to order from **[www.thechair.minedu.govt.nz](http://www.thechair.minedu.govt.nz)** or by email: **[orders@thechair.minedu.govt.nz](mailto:orders@thechair.minedu.govt.nz)**

The leaflet is also available in: Afrikaans (700091), Arabic (700090), Chinese (700088), Cook Islands Māori (700089), Dari (700086), English (700012), French (700087), Hindi (700084), Korean (700085), Niue (700094), Samoan (700082), Somali (700083), Thai (700095), Tokelau (700092), Tongan (700093).